

# Ang Tabfiad

hango sa salaysay ni Arfonso  
Nacleo

“Kapatid ko ang Ifiallig dahil sa Fiallig kami nanggaling.”  
Iyan ang sinasabi ng mga Isachanga dahil noong unang  
panahon nagtungo ang mga sinaunang Ifiallig sa Masigi sa  
may Sachanga upang takasan ang Tabfiad.

Ang Tabfiad ay isang dambuhalang ahas na may mga paa.  
Walang nakatitiyak kung saan ito nagmula. Ngunit kung  
susundan ang mga bakas na iniwan nito, maaaring sa  
Kadaclan ito nagmula. Hanggang ngayon, makikita sa  
bundok ang mga bakat ng ginapangan ng Tabfiad.  
Sinundan ng Tabfiad ang ilog mula sa Kadaclan patungong  
Fiallig. Nadaan nito ang Lias. Nang makarating ang  
Tabfiad sa Fiallig, nangain ito ng mga Ifiallig.

Lumikas patungong Masigi ang mga natakot sa Tabfiad.  
Samantalang ang mga matatapang naman ay nagpasiyang  
hulihin at patayin ang Tabfiad. Ang mga natira sa Fiallig ay  
nag-usap-usap at nag-isip ng isang patibong.

Nag-ipon sila ng mga kusot at lamu. Ipinambalot nila ang  
lamu sa mga kusot ng yantok at sa pinakagitna ay  
naglagay sila ng tuta.

Nang maihanda na ang pain, sinindihan nila ang lamu at  
isinalang nila ito sa tabi ng ilog. Kumingkingking ang tuta at  
narinig ito ng Tabfiad na biglang sumugod at sinakmal ang  
pain. Napakalaki ng bunganga ng Tabfiad dahil naisubo  
nito ang pain sa isang sakmal lamang. Nang umabot ang  
apoy sa kusot, bigla na lamang itong lumiyab sa loob ng  
tiyan ng Tabfiad. Gumulong-gulong sa sakit ang Tabfiad,  
maya-maya’y nangisay at tuluyan nang namatay. Naging  
bato ang nasunog na bangkay ng Tabfiad.

Bagama't patay na ang Tabfiad, natakot pa rin ang mga Ifiallig dahil baka may asawa ito at bigla silang salakayin. Nagpasiya na lamang silang lahat na lumisan patungong Sachanga. Ngunit bago sila umalis, ibinaon nila ang kanilang mga banga sa ilalim ng lupa. Bilang tanda, nagtanim sila ng chongra sa ibabaw ng mga ito upang matukoy nila ang kanilang dating lugar kung sakaling magbalik sila.

Bagama't wala na ngayong nakatira sa lugar kung saan naghasik ng lagim ang Tabfiad, may mahuhukay pa ring mga banga sa lugar na iyon kung saan nagsasanga ang ilog. Magpahanggang ngayon, naroon pa rin sa tabi ng ilog sa Kufiang ang itim na batong labi ng nasunog na Tabfiad.